


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 16: Pagtukoy at Paggamit ng Tambalang Salita



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 16: Pagtukoy at Paggamit ng Tambalang Salita
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Maribeth P. Antonio
Editor:	Elena V. Almario, Nerissa D. De Jesus, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor
Tagaguhit:	Maribeth P. Antonio
Tagalapat:	Cristina T. Fangon
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 16:
Pagtukoy at Paggamit ng
Tambalang Salita

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makatutukoy at makagagamit ng mga tambalang salita sa pangungusap na angkop sa antas/baitang.

MT2VCD-Ifh-3.3



Subukin

Bago ka tumungo sa ating aralin sagutan mo muna ang panimulang pagtataya.

Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang mga tambalang salita na ginamit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Napakagandang pagmasdan ng bahaghari.
2. Ang dalagang-bukid ay isang uri ng masarap na isda.
3. Pagsasaka ang hanapbuhay ng aming mga magulang.
4. Marami akong natutunan sa loob ng aming silid-aralan.
5. Nagsusumikap mag-aral si Alaysa kahit siya ay anak-pawis

Aralin

1

Pagtukoy at Paggamit ng Tambalang Salita

Ang salita ay binubuo ng mga pantig. May mga salita na kapag pinagsama ay magkakaroon ng bagong kahulugan. Tinatawag itong tambalang salita.



Balikan


Panuto: Pagtambalin ang mga salita sa Hanay A at mga larawan na nasa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A

Hanay B


_____ 1. dalagang bukid

a.




_____ 2. bahay-kubo

b.




_____ 3. silid-aralan

c.




___4. hapag-kainan

d.



___5. silid-tulugan

e.




Tuklasin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento.

Anak-pawis

Akda ni Maribeth P. Antonio



Madaling-araw pa lang gising na ang batang si Miguel. Pagkatapos magdasal, inaayos niya agad ang kanyang silid-tulugan at tinutulungan sa paghahain sa hapag-kainan ang kanyang nanay. Tinutulungan din niya ang kanyang tatay sa

pag-aayos ng mga isdang dalagang-bukid na ititinda sa palengke.

Kahit anak-pawis si Miguel, hindi ito naging hadlang para hindi siya makapag-aral. Nais niyang maabot ang kaniyang pangarap. Maaga siyang pumapasok sa paaralan upang magbasa ng aralin sa kanilang silid-aralan at gumawa ng takdang-aralin.



Suriin

Mayroon tayong mga karanasan na maihahalintulad sa ating nabasang kuwento. Nagsisikap ka rin ba sa iyong pag-aaral tulad ni Miguel? Maaaring ang sitwasyon na iyong nabasa ay nangyari na sa iyo. Tara, balikan natin ang ating kuwento.

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong mula sa binasang kuwento. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

- _____ 1. Ano ang mga ginagawa ni Miguel pagkagising sa umaga?
- A. nagsusulat at naglalaro sa kanyang silid
 - B. naglalaro at nagbabasa ng kanyang aralin
 - C. nagdarasal at nag-aayos ng kanyang silid-tulugan

- _____2. Alin sa mga sumusunod ang kahanga-hangang katangian ni Miguel bilang bata batay sa kuwento?
- A. mabait at tamad
 - B. masungit at mapagbigay
 - C. matulungin at masipag mag-aral
- _____3. Bakit hindi dapat maging hadlang ang kahirapan upang maabot ang pangarap?
- A. dahil kung hindi mag-aaral nang mabuti
 - B. dahil hindi makakatapos kapag tamad sa pag-aaral
 - C. dahil kahit mahirap maaari kang makapagtapos sa pag-aaral
- _____4. Ano-ano ang mga tambalang salitang mababasa sa kuwento?
- A. batang, tinutulungan, umuwi, bago, nagbabasa, makapagtapos, iniisip, pamilya, nanay at gumawa
 - B. mahirap, bata, pagsisikap, dahil, pagkagising, magtagumpay, kahirapan, at mag-aral
 - C. silid-tulugan, silid-aralan, hapag-kainan, silid-aklatan, dalagang-bukid, anak-pawis, at madaling-araw
- _____5. Ano ang tawag sa tamang letra na sagot mo sa bilang apat?
- A. payak
 - B. inuulit
 - C. tambalan

Upang mas maunawaan mo pa, narito ang mga halimbawa ng pagbuo ng tambalang salita at ang kahulugan ng bawat isa.

Mga Salita	Tambalang-Salita	Kahulugan
1. dalaga + bukid	dalagang-bukid	ito ay isang uri ng isda
2. madaling + araw	madaling-araw	pagitan ng hatinggabi at umaga.
3. anak + pawis	anak-pawis	anak ng isang maralita o mahirap
4. hanap + buhay	hanapbuhay	trabaho
5. silid + aklatan	silid-aklatan	isang silid na may koleksiyon ng mga aklat, peryodiko na maaaring basahin o hiram
6. silid + tulugan	silid-tulugan	bahagi ng bahay o kuwarta kung saan natutulog ang mga tao
7. hapag + kainan	hapag-kainan	isang bahagi ng bahay kung saan kumakain ang pamilya
8. silid + aralan	silid-aralan	lugar o pook sa paaralan na pinag-aaralan ng mag-aaral


9. takdang + aralin	takdang-aralin	gawain na ibinibigay sa mga-mag-aaral ng guro upang sagutan sa bahay
10. bahag + hari	bahag-hari	pulutong ng mga kulay na nasa anyo ng kalahati o buong bilog, makikita ito pagkatapos ng pag-ulan

Ngayong alam mo na ang tambalang salita maaari mo ng sagutan ang mga inihandang pagsasanay upang malinang pa ang iyong kakayahan sa araling ito.



Mga Tala para sa Guro

Gabayang ang mag-aaral sa pagsasagot ng Pinatnubayang Pagsasanay.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Hanapin ang tambalang salita na ginamit sa loob ng pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Tuwing madaling-araw namamalengke si tatay.
2. Masarap matulog at magpahinga sa bahay-kubo.
3. Araw-araw kaming gumagawa ng takdang-aralin.
4. Ang mga mag-aaral ay tahimik na nagbabasa sa silid-aklatan.
5. Naghain ng masarap na hapunan sa hapag-kainan ang aking nanay.

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Piliin ang wastong kahulugan ng bawat tambalang salita na may salungguhit. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang aming pamilya ay sabay-sabay na kumakain sa hapag-kainan.
 - A. lugar pasyalan
 - B. lugar dalanginan
 - C. lugar kung saan kumakain
2. Matagal nagtrabaho sa Amerika si tatay, kaya siya ay nagbalik-bayan.
 - A. pumunta sa ibang bansa
 - B. umuwi sa sariling bansa
 - C. naligaw sa ibang bansa
3. Si Roy ay nagsusumikap sa kaniyang pag-aaral kahit siya ay anak-pawis.
 - A. mahirap
 - B. mayaman
 - C. may-kaya
4. Mag-aral nang mabuti upang magkaroon ng magandang hanapbuhay.
 - A. trabaho
 - B. libangan
 - C. pasyalan
5. Masarap magluto ng dalagang-bukid si tatay.
 - A. isang uri ng isda
 - B. isang uri ng hayop
 - C. isang uri mg halaman

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Buoin ang tambalang salita sa tulong ng mga klu o paglalarawan. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. halamang may malalaking sanga at maraming dahon

punong + _____

A. guro B. kahoy C. barangay

2. taga-ingat ng pera at listahan ng gastusin

ingat + _____

A. yaman B. sisiw C. manok

3. isang saglit o maikling sandali

kisap + _____

A. bituin B. mata C. tala

4. mapagbigay o matulungin

bukas + _____

A. kamay B. palad C. isip

5. baybayin o dalampasigan

_____ + dagat

A. gitna B. ilalim C. tabing

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na tambalang salita na bubuo sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

bahay-kubo	hanapbuhay	silid-aralan
silid-tulugan	takdang-aralin	

1. Ano ang _____ ng tatay mo sa ibang bansa?
2. Pagkagising sa umaga inaayos ko ang aking _____.
3. Natapos mo na bang gawin ang ating _____ sa MTB?
4. Masarap magpahinga sa _____ na ginawa ni tatay.
5. Kami ang naatasang maglinis ng aming _____ sa paaralan.

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Bumuo ng limang (5) tambalang salita mula sa mga salita sa loob kahon at gamitin sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: silid-aklatan

Kami ay nagbabasa sa silid-aklatan.

bahag	takip	buhay	kubo
anak	silim	hari	hanap
pawis	bahay	aralan	silid

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Pag-ugnayin ang salita sa Hanay A at Hanay B upang makabuo ng tambalang-salita at gamitin sa pangungusap.

Isulat ang sagot sa sagutang papel.

	Hanay A	Hanay B
1. _____	1. kutis	a. aralin
2. _____	2. bunga	b. kahoy
3. _____	3. kapit	c. kamatis
4. _____	4. takdang	d. sibuyas
5. _____	5. balat	e. tuko

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na tambalang salita na bubuo sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

anak-pawis	dalagang-bukid	hanapbuhay
madaling-araw	silid-aklatan	

1. Ang _____ ay isang uri ng isda.
2. Ang _____ ay kasingkahulugan ng trabaho.
3. Ang _____ ay pagitan ng hatinggabi at umaga.
4. Ang _____ ay anak ng isang maralita o mahirap.
5. Ang _____ ay silid na may koleksiyon ng mga aklat, at iba pang babasahin.

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na tambalang salita na bubuo sa bawat pangungusap ayon sa kahulugan nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

bahaghari	hapag-kainan	takdang-aralin
silid-tulugan	silid-aralan	

1. Ang _____ ay isang bahagi ng bahay na pahingahan o tulugan ng pamilya.
2. Ang _____ ay isang bahagi ng bahay kung saan kumakain ang pamilya.
3. Ang _____ ay lugar sa paaralan na pinag-aaralan ng mag-aaral.
4. Ang _____ ay gawain na ibinibigay ng guro sa mag-aaral.
5. Ang _____ ay arko na may iba't ibang kulay na makikita sa kalangitan.



Isaisip

Kompletuhin ang mga pangungusap.

- Ang _____ salita ay salitang binubuo ng dalawang salita na magkaiba ng kahulugan.
- Kapag pinagsasama ang dalawang magkaibang salita ay nagkakaroon sila ng _____ kahulugan.
- Magtala ng dalawang (2) halimbawa ng tambalang salitang natutuhan.



Isagawa

Panuto: Gamitin ang mga tambalang salita sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. hanapbuhay

2. bahaghari

3. silid-tulugan

4. bahay-kubo


5. hapag-kainan



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang mga tambalang salita na ginamit sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang punongguro ang pinuno ng paaralan.
2. Ang Pilipinas ay maraming likas-yaman.
3. Taos-pusong nagpasalamat ang mga tao sa natanggap na tulong.
4. Naglilibot sa baryo ang mga pulis tuwing hatinggabi.
5. Kami ay madalas mamasyal sa tabing-dagat.



Karagdagang Gawain

Panuto: Magtala ng tatlong (3) tambalang salita na hindi natalakay sa aralin. Ibigay ang kahulugan ng bawat tambalang salita at gamitin ang mga sa pangungusap.

1. tambalang salita –
kahulugan –
pangungusap –

2. tambalang salita –
kahulugan –
pangungusap –

3. tambalang salita –
kahulugan –
pangungusap –



Susi sa Pagwawasto

	<p>Sunin</p> <p>1. C 2. C 3. C 4. C 5. C</p>	<p>Balikan</p> <p>1.D 2.A 3.C 4.E 5.B</p>	<p>Subukin</p> <p>1. bahaghari 2. dalagang-bukid 3. hanapbuhay 4. silid-aralan 5. anak-pawis</p>
Pagpamalin			
<p>Pinatnubayang Pagtatasa 2</p> <p>1. hanapbuhay 2. silid-tulugan 3. takdang-aralin 4. bahay-kubo 5. silid-aralan</p>	<p>Pinatnubayang Pagtatasa 2</p> <p>1. B 2. A 3. B 4. B 5. C</p>	<p>Pinatnubayang Pagtatasa 1</p> <p>1. C 2. B 3. A 4. A 5. A</p>	<p>Pinatnubayang Pagtatasa 1</p> <p>1. maddaling-araw 2. bahay-kubo 3. takdang-aralin 4. silid-aklatan 5. hapag-kainan</p>
<p>Malayang Pagtatasa</p> <p>2 1. silid-tulugan 2. hapagkainan 3. silid-aralan 4. takdang-aralin 5. bahaghari</p>	<p>Malayang Pagtatasa</p> <p>2 1. dalaganng-bukid 2. hanapbuhay 3. maddaling-araw 4. anak-pawis 5. silid-aklatan</p>	<p>Malayang Pagtatasa</p> <p>1 1. C 2. B 3. E 4. A 5. D</p> <p>(tanggapin ang mga pangungusap na may tambalang silita)</p>	<p>Malayang Pagtatasa</p> <p>1 (mga posibleng sagot) bahaghari hanapbuhay takip silim silid-aralan bahay-kubo anak-pawis (tanggapin ang mga pangungusap na may tambalang silita)</p>
	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Sunin ang sagot ng mag-aaral.</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. punongguro 2. likas-yaman 3. taas-puso 4. hattingabi 5. bahaghari</p>	<p>Isagawa</p> <p>(tanggapin ang mga pangungusap na may tambalang silita)</p>

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph